# ALITUNTUNIN NG MGA BAG NA PLASTIK AT BAGAY-BAGAY NA MINSANANG-GAMIT

ReTHINK WASTE



## GABAY-SANGGUNIAN PANG-NEGOSYO

# PANIMULA

Ang Lungsod ng Surrey ay nangunguna sa pagka-halimbawa at kamakailan lamang ay naipasa ang Alituntunin Bilang 20250 ng Mga Bag na Plastik at Bagay-Bagay na Minsanang-Gamit [Plastic Bags and Single-Use Items Bylaw No. 20250] upang mabawasan ang mga negatibong epekto ng mga materyang ito. Pinaplano na magkabisa ang Alituntunin sa Nobyembre 2021, na magbabawal sa paggamit at pamamahagi ng mga pangpamilihang bag na plastik [plastic checkout/shopping/grocery bags], mga seladong sintetikong kopa [foamcups], at mga lalagyang panglabas-konsumo [take-out containers]. Nauunawaan namin na ito ay magiging isang makabuluhang pagbabago para sa mga negosyo at mga residente, at susuportahan ng Lungsod ang mga negosyo upang matagumpay na makapagbagong-gawi papalayo sa mga materyang ito tungo sa mga kahaliling mas mapapanatili.

## BAKIT NATIN GINAGAWA ITO?

Ang mga bag na plastik at bagay-bagay na minsanang-gamit (BMG) ay mga produkto at pangpakete na tinatapon pagkatapos ng isang paggamit. Kasama rito ang mga lalagyang panglabas-konsumo [take-out containers], mga kopang madaliang-tapon [disposable cups], mga kubyertos [utensils], mga pahitang plastik [plastic straws], at mga bag na plastik. Tinatayang 76 milyong mga BMG ang ipinapadala sa panambakan [landfill] taun-taon mula sa Surrey. Ang paggamit ng mga bagay-bagay na minsanang-gamit ay humahantong sa mas mataas na pagkonsumo ng enerhiya at mapagkukunang-yaman, nakakalat na basura, at ang parami't paraming basurang pangpanambakan. Ang mga bagay-bagay na minsanang-gamit ay maaaring mapunta sa mga daanan ng tubig, na nagkokontamina ng tubig at masamang sumasapul ng buhay ng mga isda at lamang-dagat. Bilang karagdagan, hindi lahat ng mga bagay-bagay na ito ay maaaring maibalik sa estadong-panangkap [recyclable] o gawing panabang-lupa [compostable]. Ang mga negosyo at samahan sa buong mundo ay nagsasagawa ng pagkilos upang matanggal ang mga bagay-bagay na minsanang-gamit.

Nilalayon ng Alituntunin ng Mga Bag na Plastik at Bagay-Bagay na Minsanang-Gamit ng Surrey na paghigpitan at tanggalin ang paggamit ng mga pampamilihang bag na plastik at mga seladong sintetikong lalagyan at kopa [foam containers and cups]. Ang paggawa ng pagkilos upang mabawasan ang mga bagay-bagay na ito ay masidhing sinusuportahan ng mga residente ng Surrey. Sa isang pagsisiyasat [survey] ng higit sa 2,300 residente ng Surrey, walumpu't tatlong porsyento (83%) ang sumuporta sa pagbabawas o paghihigpit sa paggamit ng mga bag na plastik at suportado ng walumpu't anim na porsyento (86%) ang pagbabawal ng mga polystyrene na seladong sintetikong lalagyan [polystyrene foam takeout containers].

## MALASIRKULONG PAG-AARIMUHUNAN

Ang Lungsod ng Surrey ay bumubuo ng isang Estratehiyang Walang Basura [Zero Waste Strategy] upang suportahan ang layunin ng Lungsod na maging unang walang basurang pamayanan sa Canada. Pumapaloob sa estratehiya ang prinsipyo ng malasirkulong pag-aarimuhunan [circular economy] kung saan may patuloy na paggamit ng mga materyales sa pamamagitan ng muling paggamit [reuse], pagbalik-estadong panangkap [recycle], o pabawing-kapakinabangan [recovery] tungo sa pagiging panibagong mga produkto.

Sa pamamagitan ng pagkilos sa mga bag na plastik at iba pang mga bagay-bagay na minsanang-gamit, matatanggal ng Surrey ang 25.6 milyong mga pangpamilihang bag na plastik at 7.3 milyong mga seladong sintetikong lalagyan at kopa [foam containers and cups] na ipinapadala sa panambakan taun-taon, sa halip, mas maraming mga napapanatiling produkto na maaaring gamitin na pwedeng muling gamitin [reused] o maibalik-estadong panangkap [recycled]. Ang pamayanan ng negosyo ng Surrey ay susi sa pagtitiyak ng isang mas malinis, mas napapanatiling Surrey. Magtulungan tayo upang matanggal ang kinasanayang pagsandal sa mga bagay-bagay na minsanang-gamit at lumipat sa paggamit ng higit pang napapanatiling mga produkto upang makabuo ng malasirkulong pag-aarimuhunan [circular economy].

## ANTAS NG BASURA [WASTE HIERARCHY]

**REDUCE**
**BAWAS-KONSUMO**

**REUSE**
**MULING PAGGAMIT**

**REDUCE**
**BALIK-ESTADONG PANANGKAP**

**REDUCE**
**PABAWING KAPAKINABANGAN**

**RESIDUALS MANAGEMENT**
**PANGANGASIWA SA MGA NALALABI**

# ANG ALITUNTUNIN

## PAANO TINATAMAAN NG ALITUNTUNIN ANG MGA NEGOSYO

Lahat ng mga negosyo ay aatasang sumunod sa alituntunin kung saan pumapaloob ang sinumang tao, samahan, o pangkat na nakikibahagi sa isang kalakal, negosyo, propesyon, hanapbuhay, pagtawag, trabaho, o layunin na pinangangasiwaan sa ilalim ng Alituntunin Bilang 13680 ng Lisensyang Pang-Negosyo ng Lungsod, 1999 [City's Business License By-law, 1999, No. 13680] at kabilang ang isang taong namamasukan ng, o nagpapatakbo sa ngalan ng, isang Negosyo.

Nauunawaan ng Lungsod ang ilang mga eksepsyon na dapat mapaunlakan upang matugunan ang mga pangkalusugan at pangkaligtasang konsiderasyon at aksesibilidad. Ang mga iksemsyon na ito ay mas dinetalyado sa ilalim ng bawat kategorya sa mga susunod na pahina.

### Pagsasagawa

1. Enero 2020: Hangad ng Alkalde at Konseho na ipagbawal ang Mga Bag ng Plastik at Iba Pang Mga Bagay-Bagay Na Minsanang-Gamit
2. Pebrero 2020: Ulat Korporatiba sa Konseho na binabalangkas ang estratehiya
3. Disyembre 2020: Ipapasa ng Konseho ang Una, Pangalawa at Pangatlong pagbasa ng Alituntunin
4. Pebrero 2021: Pagtanggap ng Pagpapatibay ng Lalawigan para sa Alituntunin
5. Mayo 2021: Inaprubahan ng Konseho ang Plano sa Komunikasyon at Edukasyon upang maihanda ang mga negosyo para sa pagbabawal, na balak simulan sa Nobyembre 2021.
6. Nobyembre 2021: Planong Petsang Pagsisimula ng Pagbabawal
7. Nobyembre 2022: Planong alisin ang iksemsyon ng Pang-Kawanggawang tagapagbigay ng pagkain

## PAGPAPATUPAD

Magsisimula ang planong pagpapatupad ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtuturo at pakikipagtulungan sa mga negosyo upang suportahan ang kanilang mga pagsisikap sa pagsunod. Magkakaroon ng isang pamamaraang pabaha-bahaging yugto upang matiyak na hawak ng mga negosyo ang lahat ng impormasyon at mga mapagkukunan na kinakailangan upang makasunod. Ang prosesong ito ay maglalahok ng direktang pag-abot sa mga negosyo upang matiyak ang pagsunod.

# STYROFOAM

## MGA STYROFOAM™ NA LALAGYANG PANGLABAS-KONSUMO

Mahirap para sa mga residente na maibalik estadong-panangkap [recycle] ang Styrofoam ™; madali itong masira na nagiging kalat-kalat na basura, at maraming mga napapanatiling alternatibo sa merkado na maaaring maibalik estadong-panangkap, magawang panabang-lupa, o muling magamit. Plano para sa Nobyembre 2021, ang mga negosyo ay pagbabawalan na sa pagbebenta ng Inihandang Pagkain sa anumang Kagamitang Serbisyo sa Pagkain [Prepared Food in any Food Service Ware] na naglalaman ng Polystyrene na seladong sintetiko [Polystyrene foam]. Ang ibig sabihin ng "polystyrene foam" ay pinalobo na polystyrene at pinaalsa, at hulmadong mga seladong sintetiko [extruded foams] na karaniwang kilala bilang Styrofoam ™.

Ang pagbawal sa Styrofoam ™ na lalagyang panglabas-konsumo [takeout container] na ito ay kinabibilangan ng lahat na mga lalagyang puti at may kulay na polystyrene foam na lalagyang panglabas-konsumo at mga kopa, kasama ngunit hindi limitado sa:

Mga Plato | Mga Kopa | Mga Mangkok | Mga Bandeha [Trays] | Mga Karton
Mga De-Bisagra o May Takip na Lalagyan

## MGA IKSEMSYON

Ang mga ospital, o anumang pasilidad na lisensyado bilang isang pasilidad sa pangangalaga ng pamayanan sa ilalim ng Community Care and Assisted Living Act; o mga nakahandang lalagyan ng pagkain na napunan at naselyohan sa labas ng Lungsod. Gayunpaman, hindi kasama sa mga inihandang pagkain ang anumang hilaw na hindi lutong pagkain, kabilang ang karne, manok, isda, pagkaing-dagat, itlog o gulay maliban kung ipinagkaloob para sa pagkonsumo nang walang karagdagang paghahanda sa pagkain. Ang Alituntunin na ito ay hindi nalalapat sa mga organisasyong nakatala bilang korporasyon at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Batas ng Kapisanan [Society Act] o nakarehistro bilang isang lipunan o samahang pangkawanggawa sa ilalim ng pederal na Batas sa Buwis sa Kinikita [Income Tax Act] sa loob ng isang taon pagkatapos ng petsa ng pagkabisa ng Alituntunin na ito.



# MGA BAG NA PLASTIK

## MGA PANGPAMILIHANG BAG NA PLASTIK

Maginhawa ang mga pampamilihang bag na plastik, ngunit ang mga ito ay pangunahing pinanggagalingan ng basura, polusyon, at kalat sa mga kalye ng Lungsod. Ang paggamit sa kanila ay maaaring mabawasan o maiwasan nang ganap.

Nakaplano para sa Nobyembre 2021, ang mga negosyo ay pagbabawalan na sa pagbibigay at pamamahagi ng mga pampamilihang bag na plastik sa mga mamimili (o kostumer). Ang Mga Pampamilihang Bag na Plastik aytinutukoy sa alituntunin bilang anumang bag na yari nang buo o bahagyang may plastik, kabilang ang nabubulok na plastik o mga plastik na maaaring maging panabang-lupa, ngunit hindi kasali ang "Pampamilihang Bag na Muling Magagamit" [Reusable Checkout Bag] na: (a) inilaan upang magamit ng isang kostumer para sa layuning pagdadala ng mga bagay-bagay na nabili o natanggap ng kostumer mula sa Negosyo na nagbibigay ng bag; o (b) inilaan upang magamit pambalot sa pagkaing panglabas-konsumo [take-out] o yung hinahatid [delivery].

## MGA KAHALILING ALTERNATIBO

Sa halip na mga pampamilihang bag na plastik na ipagbabawal na, ang isang Negosyo ay maaaring magbigay sa isang kostumer ng De-Papel na Pampamilihang Bag [Paper Checkout Bag] o Pampamilihang Bag na Muling Magagamit [Reusable Checkout Bag] kung:

a) Tinanong muna ang mamimili kung kailangan ba nila ng pampamilihang bag.

b) Ang mamimili ay sisingilin ng kabayarang hindi kukulangin sa $ 0.25 para sa bawat De-Papel na Pampamilihang Bag.

c) Ang mamimili ay sisingilin ng kabayarang hindi kukulangin sa $ 2.00 para sa bawat Pampamilihang Bag na Muling Magagamit.

d) Ang halagang sisingilin para sa anumang Mga De-Papel na Pampamilihang Bag o Mga Pampamilihang Bag na Muling Magagamit na ibinigay sa mamimili ay ipinapakita bilang isang hiwalay na linya sa talaan ng anumang resibo na inabot sa kostumer.

e) Ang mga bayarin ay hindi nalalapat sa nagamit nang Mga De-Papel na Pampamilihang Bag o Mga Pampamilihang Bag na Muling Magagamit ng mamimili at ibinalik sa isang Negosyo para sa layuning muling magamit ng ibang mga kostumer.

f) Ang De-Papel na Pampamilihang Bag ay yari sa di-bababa ng apatnapung porsyento (40%) na nilalamang balik-estadong panangkap [recycled content].

Tinitiyak ng mga bayarin na walang mga pilitang-palitan [trade-off] na nagreresulta sa labis na paggamit ng de-papel na bag o pagbili ng bag na muling magagamit. Makakatulong ang mga bayarin na ito na mabigyan ang mga nagtitingi ng pangpabawi- gastos [cost recovery].

## MGA IKSEMSYON

Ang Alituntunin ay hindi nalalapat sa iba pang mga uri ng maliliit na bag, tulad ng mga ginagamit sa pangpakete ng prutas, maramihang pagkain [bulk foods], mga aning-bukid [produce], nagyeyelong mga pagkain [frozen foods], karne, isda, maliliit na kasangkapang pangmatagalan (o "hardware" tulad ng mga pako at tornilyo), mga iniresetang gamot mula sa isang parmasya, mga damit matapos ang propesyonal na paglalaba o tuyong linis-labada [dry cleaning], de-ilo [linen], kubrekama [bedding], gulong, malalaking bagay-bagay, at yung mga ibinibigay sa mga ukay-ukay [thrift stores]. Bilang karagdagan, ang Alituntunin na ito ay hindi naglilimita o nagmamahigpit ng pagbebenta ng mga bag, kabilang ang mga bag na plastik, na inilaan para magamit sa bahay o negosyo ng kostumer, sa kondisyong ibinebenta sila bilang maramihang mga bag na nakapakete.



# NANDITO KAMI PARA TUMULONG

Nauunawaan ng Lungsod na ang paglalahad ng Alituntunin ay magiging isang makabuluhang pagbabago para sa sektor ng negosyo ng Surrey kabilang ang mga nagbibigay serbisyo pangpagkain, tagatingi, at tagagawa. Mangunguna ang Lungsod sa mga komprehensibong aktibidad sa edukasyon at kamalayan upang suportahan at ipaalam sa mga negosyo ang bagong mga kinakailangan sa Alituntunin upang matiyak ang isang matagumpay na transisyon mula sa paggamit at pamamahagi ng mga bag na plastik at seladong sintetiko na panlabas-konsumo na mga kopa at lalagyan [foam take-out cups and containers] tungo sa mga alternatibo, mga produktong mas napapanatili. Upang suportahan ang mga negosyo, kami ay:

1. Makikipagtulungan sa Inyo

- Nagpapalago kami ng mas marami pang mga materyales para sa mga negosyo upang matiyak ang pagsunod, bumuo ng tiwala, at maayos na mailipat papalayo sa mga bagay-bagay na minsanang-gamit. Maghahatid din kami ng mga sesyong virtual na mga sesyong pangkaalaman sa mga asosasyon ng negosyo at iba pang mga kasosyo sa komunidad upang sagutin ang inyong mga katanungan.

2. Kumokonekta sa Mga Tagatustos

- Nananaliksik kami ng mga produkto na pinakaangkop sa inyong mga pangangailangan. Bumubuo kami ng isang listahan ng mga lokal na tagapagtustos na magagamit upang mapunuan ang mga pangangailangan ng inyong operasyon. Nakikipagtulungan din kami sa mga lokal na tagapagtustos upang matiyak ang imbentaryo kung kakailanganin ninyo ito.

3. Pagbibigay-Alam sa Publiko

- Binibigyang karunungan namin ang publiko sa pamamagitan ng website ng Lungsod, social media, mga video, at iba pang patalastas upang matiyak na alam nila ang mga kinakailangan upang matulungan kayo at ang inyong kawani na magtransisyon.

4. Nakikihanay sa Ibang Mga Antas ng Pamahalaan

- Nakikipagtulungan kami sa mga pamahalaang panrehiyon, panlalawigan, at pederal upang ihanay ang mga patakaran at mabawasan ang kagusutan. Ang aming Alituntunin ay nakahanay sa iba pang mga lokal na munisipalidad upang maiwasan ang pagkalito.



# MGA ALTERNATIBO

Karamihan sa mga bagay-bagay na minsanang-gamit ay hindi maaaring maibalik estadong-panangkap o mahirap nang magbalik estadong-panangkap. Kapag naghahanap ng mga kahalili na mga pangpamilihang bag o lalagyang panlabas-konsumo, dapat na maaari itong maibalik estadong-panangkap [recycable] sa aming asul na kariton o magawang panabang-lupa [compostable] sa aming luntiang kariton na sistema. Sa pamamagitan ng pagpili ng napapanatili at tinatanggap na mga bagay-bagay sa aming sistema ng pagbabalik estadong-panangkap o pagka-organiko, tumutulong kayo upang makamit ang isang malasirkulong pag-aarimuhunan [circular economy] at maprotektahan ang ating kapaligiran.

Upang matulungan ang mga negosyo na maghanap ng mga kahaliling produkto, inirerekumenda ng Lungsod na makipag-usap sa inyong mga tagapagtustos tungkol sa mga alternatibo sa mga pangpamilihang bag na plastik at mga seladong sintetikong panlabas-konsumong lalagyan/kopa [foam containers/cups] na maaari ninyong makaugnayan upang mapili ang inyong bagong mapagkukunan. Ang mga kahaliling produkto ay dapat na muling magagamit [reusable], maibabalik estadong-panangkap [recycable], o magagawang panabang-lupa [compostable] tulad ng nabanggit sa ibaba.

## MGA KAHALILI NG PANGPAMILIHANG BAG NA PLASTIK

Huwag bumili ng mga plastic bag na may tatak na nabubulok [biodegradable] o magagawang panabang-lupa [compostable]. Hindi sila tinatanggap para sa pag-aabono at hindi rin maaaring maibabalik estadong-panangkap.

De-Papel na pangpamilihang bag

- Kailangang yari sa di kukulang ng apatnapung porsyentong (40%) nilalamang galing balik estadong-panangkap [recycled content]

Mga muling magagamit na bag (dapat na pwedeng muling magamit ng 100 beses)

- Ang mga hinabing bag na plastik, gawa sa Polypropylene
- Mga hindi hinabing bag na plastik, gawa sa Polypropylene
- Mga natural na bag na tela

## MGA ALTERNATIBO SA POLYSTYRENE NA SELADONG SINTETIKONG LALAGYANG PANLABAS-KONSUMO

Mga maibabalik estadong-panangkap [recycable] na lalagyang panlabas-konsumong plastik

- *Walang magagawang panabang-lupa [compostable] na mga lalagyang panlabas-konsumong plastik*

Mga lalagyang panlabas-konsumong binubuo ng hibla [fibre-based]

- Walang pahid (“compostable” o magagawang panabang-lupa) Walang pahid (“compostable” o magagawang panabang-lupa)

Mga maibabalik estadong-panangkap [recycable] na lalagyang panlabas-konsumong aluminyo

**SALAMAT SA INYONG PAGTULONG SA PAGSUPORTA SA TRANSIYON NA ITO. TAYONG LAHAT AY MAGTULUNGAN UPANG MAPROTEKTAHAN ANG ATING KALIKASAN AT BUMUO NG ISANG CIRCULAR ECONOMY.**



Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa:

rethinkwaste@surrey.ca
surrey.ca/singleuse
Koleksyon ng Basura Hotline: 604-590-7289

CITY OF SURREY